# *Ang Binhi Ay Hindi Magiging Tagapagmanang Kasama Ang Ipa*

Maraming salamat sa iyo, Kapatid na Demos. At ngayon tayo'y nagagalak na makaparito sa umagang ito, at mapakinggan ang lahat ng mga mabubuting patotoong ito buhat sa mga mabubuting taong ito, at ngayon nagtitiwala tayo na patuloy tayong samahan ng Diyos at pagpalain tayo.

2 Ngayon, mamayang gabi, alam ko na ako'y mangungusap mamayang gabi, loloobin ng Panginoon. At kinausap ko si Kapatid na Shakarian, mga ilang sandali pa lamang ang nakalipas, ang sabi ko, "Ngayon, huwag magdamdam. Nalalaman kong kailangan nating lumabas dito ng alas onse, at ako—nakakalimutan ko na ang oras kapag nakasampa na ako rito."

3 Tila baga lahat sa atin ay gayundin. Nararamdaman natin. . .Ang sabi nila, "Dalawang minuto, o kaya'y tatlong minuto. . ." Kapatid na Smith, alam n'yo, mahirap gawin iyan sa loob ng dalawa o tatlong minuto. At alam ko kung paano iyon, at nakadama ako ng lungkot para sa bawat isa. Subalit tayo'y naririto sa kapanahunan ng panahon, kung saan nakapaloob tayo. Tayo'y paroroon sa Eternidad, subalit tayo'y nasa kapanahunan sa ngayon.

4 At ang sabi ko, "Kapatid na Demos, bago pa matapos ang oras, huwag ng mahihiya kalabitin lamang ako sa damit at malalaman kong iyon na ang oras para huminto." Ngayon, kung hindi ko magawang tapusin, tatapusin ko mamayang gabi. Gayunman kung magagawa ko, buweno, may isang bagong teksto ako para mamayang gabi.

5 Ngayon bago muna natin buklatin ang Aklat, mangusap tayo sa May-akda, habang nakayuko ang ating mga ulo.

6 Mahal na Makalangit na Ama, pinapasalamatan Ka namin sa umagang ito para sa pagtitipong ito, para sa aming mga narinig na. Kung amin na lamang ibigay ang pagbabasbas ngayon, Panginoon, madadama nga namin na mabuti ang maparito. Kaya't dalangin ko na Iyong ipagpapatuloy, kung ito'y mabuti sa Iyong paningin, at patuloy kaming samahan at tulungan kami. At ngayon nagkakatipon kami sa palibot ng Salita. Habang nangagkakatipon kami sa pakikisama sa isa't-isa, na marinig ang mga patotoo sa kung ano ang mga ginawa Mo

para sa amin, ngayon balikan namin ang Salita at hanapin kung saan nagmumula ang lahat ng mga ito. Pagkatapos, magiging pagpapatunay iyon sa kung ano ang nadadama natin at nakikita, na nagaganap sa araw na ito. Ipagkaloob ang mga bagay na ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

7 Ngayon, bilang—bilang Kaniyang lingkod, ako—ako'y naubliga sa isang Mensahe. At minsan talagang hindi ko naiintindihan, sa nakalipas na mga panahon, at marahil gayundin sa mga darating pa. Subalit hindi ko sinasabi minsan ang mga bagay upang maging—upang maging iba, sinasabi ko ang mga ito upang maging tapat. At gusto kong sabihin ang sa kung anong iniisip kong tama. Lahat ay may—may karapatan sa mga bagay na iyon, upang magpahayag ng kaniyang sariling opinyon. Iyan ang dahilan kung bakit ako'y nasa kalagitnaan ninyo.

8 At si Kapatid na Shakarian, nagsasabi tungkol sa mga prayer card sa mga hanay ng panalangin, na nakikita ng kung ano ang Banal na Espiritu... Ngayon, hindi niya sinasabi iyon para sa akin. Tungkol iyon sa Banal na Espiritu, dahil hindi ko magagawa ang mga bagay na ito. Nalalaman ng sinuman, na hindi ko magagawa. Subalit—subalit iyan ang bahaging minoriya, sa nakikita n'yo rito. Kailangang mailabas kayo sa iba pang bahagi, at masdan kung paano Siya manghula ng mga bagay! At ako... mga bagay na mangyayari, ito'y, ang mga ito ay... kayo, kayo ay ang gumagawa niyon. Kayo yaong sumasampalataya sa Diyos.

9 At—at pagkatapos kung hindi ka sumasampalataya sa Diyos, tandaan, sasabihin Niya sa iyon nang gayon, dito mismo sa entablado. At kung kayo'y nasa kasalanan, sasabihin Niya sa inyo nang gayon. At ang mga bagay na iyong ginawa, at hindi pa nagagawa, sasabihin Niya sa inyo nang gayon. Hindi basta kung ano na lang ang inilagay nila sa prayer card. Maaari nilang ilagay sa kanilang prayer card... Hindi nila sasabihin, doon, na isa silang "makasalanan," at ang babaing ito ay "nakikisama sa hindi niya asawa," o iba pa. At hindi nila ilalagay iyon sa prayer card, ngunit nakukuha iyan ng Espiritu Santo maski papaano, kita n'yo. Kita n'yo? At gayon ito noon maging sa ngayon (paano) ang—ang bahaging supernatural, mga kaibigan.

10 At sinasabi ko itong may karangalan. Pagkat, hindi marami sa atin ang naririto sa umagang ito, isang maliit na grupo lamang. Labis akong nagtaka, hanggang sa ako'y ninenerbiyos, para bagang gusto kong humiyaw minsan. At kapag nakaupo ako sa isang dako, sa gilid ng bundok, kung saan gumugugol ng matagal na panahon doon, tumatanggap mula sa Diyos, bumababa at ipinamamahagi sa mga tao kung ano ang ibinigay Niya sa akin. At ako—hindi nais maging kaiba sa mga tao. Subalit gayunman, upang maging tapat, kailangan kong maging matapat sa Diyos, kita n'yo, sa—sa isang Mensahe.

11 At ngayon kami'y, loloobin ng Panginoon, kami'y naghahanda upang makaalis kaagad para sa isang biyaheng tawid-dagat, mga iilang araw na lamang, at kung iyan ang maging kalooban ng Panginoon. Talagang hinihiling ko ang inyong mga panalangin.

12 Kayo'y kalugod-lugod! Napakuwento ako, nakalimutan ko tuloy ang tungkol sa oras, tulad ng iba sa atin. Subalit kay Kapatid na Shakarian, itong mga magagaling na mga ministro rito sa entablado, at diyan sa labas, lahat kayong mga kaibigan kay Cristo Jesus, binabati ko kayo sa Kaniyang Pangalan; bilang isang—isang malapit na kamag-anak sa inyo, sa pamamagitan ng krus, sa Diyos, bilang magkakapatid na mga lalaki at babae.

13 Gusto kong buklatin, sa umagang ito, sa Kasulatan, banda rito sa Aklat ng Mga Taga Galacia, loloobin ng Panginoon. Nais kong magbasa ng Kasulatan.

14 Ngayon, noong nakaraang gabi, napakinggan ang mensahe na lumabas mula sa ating kapatid na naglilingkod dito sa entablado, nagsalita siya ng mga wika. Si Bredesen, si Kapatid na Bredesen, isang napakagaling na tao. Ako . . .

15 Kung pagmasdan ito sa aking kawalan ng aral at edukasyon, sa aking kakapusan ng pag-unawa sa mga salita, at pagkatapos na malaman ang Mensahe na totoo, at makita ang gayong lalaki katulad niyaong mga hurado noong nakaraang gabi, nakatayo roon, at makasalamuha ang gayong matatalinong tipo. Maaaring hindi nila kayang gawin kung ano ang ipinagagagawa ng Panginoon sa akin. Hindi ko kayang gawin kung ano ang ipinagagagawa ng Panginoon sa kanila. Subalit sa sama-sama nating paggawa, nakatitiyak akong maihatid natin ang Mensahe, kung mananatili lamang tayo sa Diyos.

16 At nang magbigay siya ng isang—isang patotoo rito noong nakaraang gabi. At nangusap ang Espiritu Santo sa ibang mga wika, at, may isa roon sa mga tagapakinig, talastas ko lagi ang igalang iyon. 'Pagkat, naunawaan ko, sa pamamagitan ng Biblia, na iyon ang Espiritu ng Diyos na dala-dala ang isang bagay para sa atin. At ang sabi niya, nangusap tungkol sa huling ulan, unang ulan at huling ulan. At iyon ang naghatid sa akin sa isang kaisipan.

17 Na kabibigay pa lamang sa akin ni Kapatid na Bonham ng isang munting balutan na kasama nito ang ilang mga tseke, ang sabi, "Isang handog pag-ibig ito para sa . . . mula sa mga tao." Ngayon, siya—siya, hindi dapat nila ginawa iyon. Kita n'yo, hindi ako pumunta rito sa gayong pakay. Subalit ako . . . siya, ibinigay nila sa akin iyon, at, siyempre, may magiging . . . wala ng paraan na ibabalik iyon. At kinakailangang kunin ko iyon, kung loloobin ng Diyos, at sikaping ilagay ito sa aking mga gastusin, sa pagpunta ng tawid-dagat. Dahil, walang nag-iisponsor sa akin, walang kaparaanan, kung saan ako patutungo.

18 Ito'y medyo palihim, dahil ayaw akong papasukin ng mga simbahan. At ako'y tutungo roon bilang isang mangangaso, sapagkat ito'y nasa aking Panginoon. Inilagay ng Panginoon sa aking puso upang gawin iyon, at kinailangan kong pumasok doon sa medyo magpapanggap. Kita n'yo? Kung kaya't mayroon silang munting katatawang mga paraan doon, na ang bawat isa ay gusto akong pumirma sa isang kard, na sasang-ayunan ko sila sa kung ano ang kanilang paniniwala, at sabihin na itong *kabilang* grupo ay mali, at ang grupong *ito* ay nagsabing papasukin nila ako kapag na mali ang grupong *ito*. Kita n'yo? Subalit hindi ko gusto iyan. Kita n'yo, tayo ay . . .

19 Sinisikap ko na laging tumayo sa pagitan ng mga tao, laban ng kanilang mga organisasyon at kanilang mga pagkakaiba, at tumawag sa kung ano ang ibig ng Espiritu Santo gaya ng sinasabi rito sa mga kapatiran sa umagang ito, na hindi tayo isang denominasyon. Mga anak tayo ng isang pamilya. Ngayon, walang anumang denominasyong Branham. Mayroong isang Branham na pamilya at hindi tayo lahat kasapi ng pamilyang iyan, tayo'y ipinanganak sa pamilyang iyan. At kung gayon, ako, iyan ang pinagsisikapan kong ikakatawan, ang—ang pinakamagaling na aking nalalaman.

20 Ngayon sa Mga Taga Galacia 4:27-31, sa paniwala ko ay minarkahan ko rito, ibig kong basahin ito para sa isang teksto.

> *Sapagkat nasusulat, Magsaya ka, oh baog na hindi manganganak; magbilang umawit at humiyaw ka, ikaw na hindi nagdaramdam sa panganganak: sapagkat* higit . . . *ang mga anak ng pinabayaan* kaysa mga *anak* ng *may asawa.*
>
> *At tayo, mga kapatid, tulad ni Isaac, ay mga anak* sa *pangako.*
>
> *Datapuwa't kung papaanong yaong ipinanganganak ayon sa laman ay nag-usig sa ipinanganak ayon sa Espiritu, ay gayon* din naman *ngayon.*
>
> *Gayon man ano ang sinasabi ng kasulatan? Palayasin ang* aliping babae *at ang kaniyang mga anak: sapagka't hindi magmamana ang anak ng* babaing alipin *na kasama ng anak ng babaing malaya*
>
> *Kaya nga, mga kapatid, hindi tayo mga anak ng* babaing alipin*, kundi ng babaing malaya.*

Dagdagan nawa ng Panginoon ng Kaniyang basbas ngayon ang Kaniyang mahalagang Salita.

21 May kaunti akong nailista, na kaunting mga bagay noong nakaraang gabi; at dapat lang iyon, kapag mayroon lamang akong isang kapanayamin sa isang linggo, kung saan, ako—natatandaan ko ang mga Kasulatang iyon na malinaw sa aking isipan. Ngunit ngayon makaraang ako'y . . . Ngayon, tulad sa

pabiro kong paraan na sinasabi, hindi ko sadyang magbibiro rito sa entabladong ito. Subalit makaraang lumampas ng dalawampu't lima, sa pangalawang pagkakataon, hindi na ako matandain gaya ng nakagawian ko. Marami ng. . . Marami ng mga milya sa lumang ford na ito, at sa ganon hindi ko na maalala ito. Subalit habang magagawa ko pang kumilos, ibig kong ialay ang bawat kilos sa kaluwalhatian Niya na Siyang magligtas sa akin.

22 Ngayon ako, nang makita sa umagang ito, nagmamasid. . . Marahil ito ay tila kakaiba, at marahil sa isang matalinong isipan ito marahil ay sadyang magulo, ngunit ito'y komplimentaryo sa bagay na ako'y tinawag. Maging bawat munting bagay ay isang tanda sa akin. Pinagmamasdan ko Ito, tinitingnan kung paano Ito kumikilos. Ganiyan kung papaano ko nakukuha ang aking mensahe minsan, ay ang pagmasdan at tingnan ang paraan na kumikilos ang Espiritu, at tingnan kung ano ang sinasabi ng isang *ito*, ang sinasabi ng isang *iyon*.

23 At kung napansin n'yo ako, sa maraming pagkakataon, bago ang isang gawaing pagpapagaling, na nakatayo roon sa entablado, o nakaupo sa likuran, nagmamasid. Nadadama ko ang Espiritu, sa paraang kumikilos Ito, at nalalaman doon pa man kung anong problema ng taong iyon na nakaupo roon. Kita n'yo? Nakita ito roon, banda *rito*, kita n'yo, alam mo na Ito kahit bago ka pa pumunta sa entablado.

24 Minsan bago ako darating sa isang pagtitipon, minsan, bago pa dumating dito tulad ng California, nakaupo akong kasama niyaong mga kasamahan ko, ang sabi, "Mayroong isang tiyak na bagay ang mangyayari, magaganap *ito* rito, at *ito* ay magiging sa banda rito, ito'y patutungo sa daang *ito*," kita n'yo, dahil ito'y nasa Espiritu ng Diyos. Siya ang. . . Alam Niya ang lahat ng bagay mula sa pasimula, kita n'yo, at kung gayon Siya yaong Walang hanggan.

25 At pagkatapos mapapansin, sa umagang ito, si Kapatid na Jewel Rose, isang pinakamamahal na kaibigan at kapatid nating lahat, kung papaano siyang tumayo at binasa Ang Mga Awit na iyon. Tingnan kung paano iyan naitugma rito, gaya ng sinabi niya, "Ibig kong makita kung anong uri ng binhi ang nariyan sa inyo." Noong nakaraang gabi, nangusap ang Espiritu at nagsabi, at patungkol sa, "Ang huling ulan, ang una at huling ulan, kapuwa ibinuhos sa mga huling araw." At sa umagang ito, "Ang binhi na naririyan sa inyo." Kita n'yo, nangungusap ang Espiritu, masdan kung paano Ito gumagawa sa pamamagitan ng mga ministrong ito, at iba pa, sa umagang ito. Kung magkagayon kuhanin ko ang paksang ito: *Ang Binhi Ay Hindi Magiging Tagapagmanang Kasama Ang Ipa*.

26 Talagang isang kakaibang teksto iyan, subalit, *Ang Binhi Ay Hindi Magiging Tagapagmanang Kasama Ang Ipa*. At sa

pagkuha, aking huhugutin ang konklusiyon nito, o ng aking teksto, pala, mula sa Mga Taga Galacia 4:27, tatlo, siyempre nangungusap si Pablo rito sa literal na binhi ng dalawang anak na lalaki si Abraham. Ngayon, dito, nais kong gamitin ito upang sa gayo'y makatitiyak na hindi n'yo ito malaktawan. At kung lalampas ako sa oras, itutuloy ko ito mamayang gabi. At gusto kong magturo, gaya ng isang araling Panlinggo, upang inyong, naniniwala ako, magkakaroon ng isang higit na mabuting pang-unawa.

27 Ngayon, at ilan sa inyong mga kalalakihan na may—may higit pang kakayahan na gagawin ito kaysa akin, aba'y . . . Hindi ako isang teologo, sa anumang paraan. At kung hindi kayo sang-ayon sa akin tungkol Dito, damhin na lamang tulad ng ginawa ko kagabi nang may ilang mahal na babaing kapatid dito na ipinagluto ako ng isang cherry pie. Nakaupo sa aking—aking . . . sa aking silid sa hotel kaninang umaga, ako—nakagat ko ang isang buto, subalit ako'y patuloy pa ring kumain ng pie. Inilabas ko na lamang ang mga buto, nakita n'yo. Kaya, iya'y, kung ano ang hindi mo sinasampalatayanan tungkol Dito, isantabi na lamang, kita n'yo, at patuloy lamang kainin ang iniisip ninyong tama.

28 Ngayon, nangungusap si Pablo tungkol sa dalawang anak na lalaki ni Abraham, na, ang isa sa kanila ay sa pamamagitan ni Sarah at ang isa pa ay sa pamamagitan ni Agar. Ngayon nasumpungan natin dito, at napag-unawa natin iyan sa pamamagitan ng mga Kasulatan, na ang Diyos ay hindi kailanman ipinakilala sa dalawahan. Ito'y sa tatluhan. Palaging sa tatlo, naging ganap ang Diyos.

29 Ang matematika ng Biblia ay dumadaloy ng ganap. Naging ganap ang Diyos sa tatluhan, sinamba sa pituhan, at iba pa. Kita n'yo, kaya nakita natin—natin na ang matematika ng Biblia ay hindi kailanman nabibigo.

30 At narito sa atin ang dalawang anak na lalaki ni Abraham, at gayunman magiging tagapagmana lamang tayo habang isa tayo sa alinmang mga anak na lalaking iyon, o ibang Anak ni Abraham. "Sapagkat tayo bilang namatay kay Cristo, kung gayon naging mga binhi tayo ni Abraham, at kasamang tagapagmana Niya ayon sa pangako," samakatuwid kailangan mayroon pang ibang Anak si Abraham.

31 Ngayon, nalaman natin na ang kaniyang unang anak ay sa pamamagitan ni Agar, at napag-alaman natin na ang kaniyang pangalawang anak na lalaki ay sa pamamagitan—sa pamamagitan ni Sarah. Ngunit mayroon siyang pangatlong Anak, na si Jesus. Ngayon, tila maaring kakaiba iyan, datapuwa't iyan ang ating sinisikap na himayin. Gaya ng sinabi ko, isinalarawan ng Diyos ang Kaniyang Sarili, palaging sa kasakdalan, sa tatluhan. At inilinaw ko lamang ang aking sarili

sa lahat ngayon, at lalo na sa inyong mga teolo- . . . mga teologo, na ang mga bagay na ito ay sa paraan lamang na aking nakikita Ito, sa paraang dumating sa akin Ito.

32 Katulad sa pasimula, ang Diyos, nanahan ang Diyos ng mag-isa, sapagkat Siya ang Iisang Walang Hanggan, kita n'yo, ni hindi nga Diyos. Ang *Diyos* ay isang "punto ng pagsamba." At ang Logos, gaya ng tawag natin Dito, ang Salita na lumabas mula sa Diyos. Iyon, nalalaman ninuman na Iyon ay ang Anghel ng Panginoon, o ang Salita ng Panginoon, na nakasunod sa mga Israelita sa ilang; ang Anghel ng Tipan, ang Logos na lumabas mula sa Diyos. At pagkatapos ay nagkatawang tao ang Logos na iyon at nanahan sa ating kalagitnaan. Ngayon tayo'y nasa San Juan 1, "Nang pasimula siya ang Salita, ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos." At ngayon, habang inalay Niya ang Kaniyang buhay sa atin, pagkatapos nagbabalik ang Kaniyang Espiritu sa atin. Ang sabi ni Jesus, "Sa araw na iyon inyong malalaman na Ako'y nasa Ama, ang Ama ay nasa Akin; Ako ay nasa inyo, at kayo ay nasa Akin."

33 Kita n'yo, Ito'y Diyos, sa tuwina, inihahayag ng Diyos ang Kaniyang Sarili, ginaganap ang Kaniyang Sarili sa loob ng magkakaibang mga kapanahunan. Kung kaya't ang mga tatlong ito, ng, Ama, Anak, at Espiritu Santo, iisang Diyos na gumaganap sa tatlong katangian. At tayo sa araw na ito ay iisa, ang Iglesia Mismo, ay katangian ng kaisipan ng Diyos bago pa itatag ang sanglibutan, ang magkaroon ng isang—isang Iglesia. Kung kaya't yaong nakay Cristo ay nakay Cristo na nang pasimula, iyon ang Kaniyang kaisipan, at ang Kaniyang mga kaisipan ay ang Kaniyang mga katangian.

34 Dito nagpasimula ang binhi, sa pangako. At medyo nag-alinlangan dito si Abraham, sa pamamagitan ni Ismael. At nais kong ipamalas sa inyo ang tatlong yugto ng mga ito, ng Binhing ito na ating pag-uusapan, na hindi kasamang tagapagmana ang ipa. Ngayon napag-alaman natin, dito sa pasimula, na ibinigay ng Diyos kay Abraham ang pangako.

35 Ibinigay Niya kay Adam ang pangako, una. At iyon ay, o, ang tipan ay may mga kondisyon. "Kung hindi mo gagawin *ito*. Kung gagawin mo *Ito*."

36 Datapuwa't nang ibinigay Niya ito kay Abraham, ito ay walang kondisyon, "Nagawa ko na iyon." Hindi Niya kailanman . . . Ang ginawa Niya, ito ay walang kondisyon, nang ibinigay Niya kay Abraham. Ngayon, at sa pamamagitan niyan, si Abraham na taglay ang pangako, sa gayon kailangan nating maging Binhi ni Abraham. "Ito ay hindi lamang kay Abraham, kundi sa kaniyang Binhi pagkatapos niya." Ngayon kung inyong mapapansin, hindi ito "mga binhi" pagkatapos niya, kundi "Binhi" pagkatapos niya.

37 Ngayon napag-alaman natin na ang pangako, na medyo pinag-alinlanganan sa pamamagitan ni Sarah, at sinabi ni Sarah kay Abraham na kunin itong si Agar, isang taga Egipto, batang dalaga, para maging asawa, at maaaring iyon ang paraan ng Diyos na palitawin itong ipinangakong binhi.

38 Ngayon, nakita n'yo, tulad ng sinimulan kong sabihin noong nakaraang gabi, anumang hakbang mula riyan sa orihinal na plano ng Diyos ay pagtapon ng buong bagay sa kawalan ng saysay. Hindi tayo makakakilos mula riyan sa orihinal na Salita. Ito'y kailangang . . . Tinalakay na natin ito noong nakaraang gabi, o noong makalawa, pala, kay Balaam. Nasa kaniya ang tugon ng Diyos, tumpak at malinaw. "Huwag pumunta!" Subalit taglay Niya ang kapahintulutang kalooban. At maaari kayong gumawa riyan kung nais n'yo, at magagawang galangin iyon ng Diyos, subalit hindi pa rin ito ang sakdal na kalooban ng Diyos. At iyan ang dapat nating pagsisikapan, ang Kaniyang sakdal na kalooban, hindi ang Kaniyang kapahintulutang kalooban. Ang Kaharian ng Diyos, na Kaniyang . . . ay nasa lupa sa araw na ito, magiging . . . hindi kailanman maisasaayos, ng ganap, sa isang kapahintulutang kalooban. Ito'y nangangailangang bumalik sa Kaniyang sakdal na kalooban.

39 Ngayon nakita natin dito si Sarah, makaraang sabihin ng Diyos kay Abraham na ang bata ay maisisilang sa pamamagitan ni Sarah, na siyang magpala sa buong mundo, ngayon pinag-alinlanganan iyon ni Sarah. At nais kong malaman n'yo, ito'y hindi galing kay Abraham; kundi kay Sarah, ang babae. At nag-alinlangan siya nito, at ang sabi niya, "Kunin si Agar." At hindi nais ni Abraham na gawin iyon, ngunit sinabi ng Diyos sa kaniya na humayo at gawin iyon paano't paano man. Kung kaya't ginawa niya iyon, medyo may pag-alinlangan. Ngayon, si Isaac, bilang ang malaya at mula sa ipinangakong babae, ay hindi maaaring makasamang tagapagmana ni Ismael, ang babaing alipin, sa pag-alinlangan.

40 Iyan ang sinisikapang sabihin ni Pablo rito. Kita n'yo, alinmang bagay na pinag-alinlanganan, at dala-dala nito ang isang tiyak na bagay ng Diyos, isang tiyak na utos ng Diyos, subalit hindi ito kasamang tagapagmana ng orihinal na utos ng Diyos. Naunawaan ba ninyo? Kita n'yo, hindi ito magiging tagapagmana.

41 Ngayon iyan ang dahilan kung bakit masyado akong mapagdiin sa araw na ito. At sa aking palagay isang mainam ito na pagkakataon, sapagkat hindi ko alam kung gaano pa katagal tayo magkasama-sama, at, marahil ako ay maaring, sa ibang paraan ay tulungan ako ng Diyos upang ipakita sa inyo ang dahilan ng labis kong matatag na pagtuligsa sa organisadong relihiyon. Kita n'yo? Kita n'yo, hindi ito magiging kasamang tagapagmana ng orihinal na programa ng Diyos, sapagkat ang organisasyon ay hindi sa Diyos. Ito'y sa tao. Ang

unang iglesia na kailanman naorganisa, sa buong mundo, ay ang iglesiang Romano Catolico sa Nicea, Roma. Apocalipsis 17, nagsabi, "Siya ay isang patutot, at lahat ng kaniyang mga anak ay mga patutot." At ang isang patutot ay isang babae na hindi namuhay na tapat sa kaniyang asawang lalaki, at gayundin naman ang anak sa isang patutot. Subalit, nakita n'yo, naging isang iglesia ito, maski papaano. Ito'y isang organisadong sistema at pinaghihawalay nito ang pagkakapatiran. Sinubukan na nating magsama-samang organisahin ang lahat ng mga iglesia. Hindi ito umubra; hindi kailanman uubra. Hindi ito (hindi kailanman) uubra. Ang Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia, sila'y basta . . . nasa labas sila sa programa ng Diyos.

42 Ngayon sasabihin n'yo, "Sino ka ba, isang lalaking nakatayo roon sa itaas na wala man lamang edukasyon sa isang paaralang gramatika?" Hindi iyan lumikha ng anumang pagkakaiba, ano man ang pinag-aralan. Ito'y hindi ang pinag-aralan ko ang sinisikap kong pag-usapan.

43 Ito'y ang Salita ng Diyos na aking ipinangungusap, kita n'yo. At ang mga pagtitibay na ito na inyong nakita sa ministeryo, hindi ako iyon, ito'y ang Diyos na nagsisikap iparating sa inyo, na ito ang Katotohanan. Magkakaroon ba ng anumang bagay na kasinungalingan ang Diyos? Kung gayon ilayo sana ito sa akin, na paglilingkuran ang isang Diyos na nagbabasbas ng isang kasinungalingan. Ito'y ang Katotohanan na binabasbasan Niya, ang Katotohanan na Kaniyang kinikilala.

44 Ngayon, si Ismael ay hindi maaaring makasamang tagapagmana ni Isaac, sapagkat ang isa ay may kaunting pag-alinlanganan, kaunti lamang na pag-alinlangan. Ito ay isang bata, binhi pa rin ito ni Abraham, subalit hindi ang sakdal na paraan ng Diyos ukol dito; si Ismael. Ngayon maaari akong gumugol ng maraming oras dito, datapuwat umaasa akong ipahiwatig ito sa inyo ng Espiritu Santo sa tunay na paraang dapat. Ngayon kung sila . . .

45 Kung hindi maaaring magkasamang tagapagmana si Ismael at si Isaac sapagkat pinalitan ang orihinal na panukala ng Diyos sa isang—isang kapahintulutang panukala ng Diyos, isang kapahintulutang paraan na pinagpala ng Diyos, ni ang espirituwal na Iglesia sa araw na ito ay makasamang tagapagmana ang maka-denominasyon. Ang mga maka-denominasyon, pinagpala siya ng Diyos, katulad ng Kaniyang ginawa kay Ismael, subalit hindi maaaring makasamang tagapagmana ng Espirituwal ang mga iba pa. Tama iyan. Magkakaroon, lumalabas mula sa denominasyong iglesia (iglesiang naturingan, iglesiang natural), ay darating ang isang Nobya ni Cristo, ang Hinirang.

46 Ngayon mayroong, ang bumabagabag sa akin sa oras na ito, ay ang malaman na ang lahat ng mga denominasyong ito na

nakikita natin ay nahihila dito sa nalalaman nating magiging . . . na tinatawag ninyong huling ulan, o, ang pagbuhos ng Espiritu. Napagtanto n'yo ba na sinabi ni Jesus, na, "Kapag naganap na iyan, magiging wakas na ito"? Nang, ang mangmang na dalaga at ang matalinong dalaga ay hindi magkasamang tagapagmana. Sapagkat noong . . . Ang mangmang na dalaga, isa siyang birhen, kinapos lang ng Langis. Ngunit nang dumating siya upang bumili ng Langis, ito'y sa oras na dumating na ang Nobyo. At siya ay iniwanan, habang nagsusumikap siyang bumili ng Langis. Naunawaan n'yo ba? Nais kong idiin iyan, ng talagang mabuti. Ngayon, tinitiyak kong hindi ko na pahahabain pa ang paksang 'yan. Ngayon, hindi maaaring magkasamang tagapagmana ang Espirituwal at ang natural.

47 Iyan kung bakit mayroong Pag-agaw, ang Nobya, ang matalingong dalaga, ang tinawag-palabas, ang naitalaga na, ang nihirang! Aba'y, kayong mga negosyante na ayaw patakbuhin ang inyong opisina gaya ng inaakala ng ibang mga tao na gayon pinatatakbo ng Diyos ang Kaniyang programa, na nagbabakasakali. Alam na ng Diyos, bago pa itatag ang sanglibutan, kung sino ang maliligtas at kung sino ang hindi maliligtas. Sa pamamagitan ng predestinasyon, sa pamamagitan ng paunang kaalaman, nakita na Niya ang bawat sangkap, inilagay ang bawat pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero, maging bago pa man magsimula ang Iglesia. Pumarito si Jesus upang hanapin at iligtas yaong naroon na sa Aklat na iyon. Binili Niya ang Aklat ng Katubusan. Ito ay nawala, at tinubos Niya tayo, at lahat ng mga pangalan na nasa Aklat na iyon ay tinubos nang tayo ay tinubos Niya.

48 Kung gayon, tulad na maraming beses ko ng sinabi, napansin n'yo iyon. Iyan ang dahilan kung bakit kayo'y narito sa umagang ito, bakit kayo'y pumarito mula sa lahat ng mga organisasyong ito at mga bagay-bagay. Kayo'y . . . May Bagay na humahatak sa inyo. Gaya ng munti kong kaisipan, tungkol sa napisang agila sa pamamagitan ng inahing manok, kita n'yo, inyong—inyong napagtanto na may kakaibang bagay. Ang—ang iglesia ay walang isang—isang bagay na makakapagpasiya. Datapuwa't, kayo, nakarinig kayo ng iba pang bagay na isang araw, napagtanto n'yo ito, na isinilang kayo para Rito. Kayo'y bahagi Nito. Kayo, lalapat kayo Rito, kagaya ng isang guwantes sa kamay. At kung kaya't tayo'y sama-samang nagkatipon dito sa umagang ito, at dahil, gaya ng nakagawiang sabihin ng matandang inang taga-timog, "ang mga ibang may iisang balahibo ay sama-samang magkalipumpon," sapagkat may mga bagay kayong magkakapareho.

49 Walang anumang pagkakapareho ang mga buwitre at mga kalapati. Ang kanilang pagkain ay magkaiba, bagama't maaring mapisa ang isang kalapati sa ilalim ng isang buwitre. Tama iyan. Depende kung ano ito noon, sa pasimula pa

lang. Ngayon, at dahil diyan, bagaman, ang—ang kalapati ay maaaring pansamantalang arugain sa pamamagitan niyan, sa pamamagitan ng buwitreng iyon, ngunit masusumpungan niya sa bandang huli ang kaniyang kasama.

50 Ganiyan kung ano ang ginagawa ng Iglesia sa araw na ito, sapagkat si Jesus ang Salita at Siya ang Nobyo, at ang Nobya ay bahagi ng Nobyo. Samakatuwid ang Salita na kinakailangang matutupad sa araw na ito ay siya ring bahagi ng Salita na tinupad noon sa Kaniyang kaarawan, at ito'y siya ring Salita, siya ring karanasan, siya ring Buhay.

51 Sapagkat, nang inihiwalay ng Diyos si Adam, siya ay kapuwa. Napag-alaman natin, si Adam ay espiritu, sa pasimula pa lang. "Ginawa Niya ang tao sa Kaniyang Sariling larawan, nilikha Niya ang lalaki at babae." At pagkatapos, Genesis 2 at patuloy, nilikha Niya ang tao sa . . . mula sa alabok ng lupa. Nilikha ang tao sa larawan ng Diyos (Ang Diyos ay Espiritu), kaya siya'y isang taong espiritu. Pagkatapos nang siya ay naging taong laman, lamang ng hayop sa lupa, Siya ay—Siya ay nagpakita, isinasalarawan dito ang Nobya. Hindi Siya kumuha at gumawa ng panibagong nilalang, datapuwat hinugot Niya ang bahagi ni Adam, ang orihinal na nilalang, hinugot mula sa kaniya, isang tadyang mula sa kaniyang tagiliran; at kinuha ang pambabaing espiritu mula kay Adam, iniwan ang panlalaking espiritu roon, at inilagay iyon sa pambabaing bahagi. Samakatuwid, bahagi ng kaniyang espiritu, bahagi ng kaniyang katawan; laman ng kaniyang laman, buto ng kaniyang buto; Salita ng Kaniyang Salita, Buhay ng Kaniyang Buhay, at ganiyan kung paano ang Nobya kay Cristo!

52 Iyan ang dahilan kung bakit ang Pag-agaw ng maharlikang Binhi ay darating muna. At ang iba pang mga patay ay hindi nangabubuhay sa loob ng isang libong taon, pagkatapos ay dadalhin sila roon sa Hukuman ng Maputing Luklukan. Kita n'yo, walang hatol doon sa maharlikang Binhi, o ang predestinadong Binhi ni Abraham. Ngayon kung inyong kunin ang San Juan 5:24, pakinggan ito, "Siyang dumirinig ng Aking Salita, at sumasampalataya sa Kaniya nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan."

53 Ngayon paanong naging lubhang kaiba iyan mula sa marami nating mga teolohiya? Ngayon maari akong lumabas mula rito at sasabihin sa isang lasenggo, "Sumasampalataya ka ba?" "Tiyak!" Isang lalaki na kasama ang asawa ng ibang lalaki, "Sumasampalataya ka ba?" "Tiyak!" "Naupo ka ba sa isang pagtitipon noong nakaraang gabi, upang makinig ng Salita?" "Tiyak!" "Sinasampalatayanan mo ba Ito?" "Tiyak!" sinasabi lamang Niya iyon.

54 Subalit ang orihinal na kahulugan ng Salitang ito. "siyang *nakakaunawa* ng Aking Salita, at sumasamapalataya sa Kaniya

na nagsugo sa Akin." "Siya na nakakaunawa," iyan ay, sa sinumang Ito'y ipinahayag.

55 Ang sabi ni Jesus, "Walang taong makalalapit sa Akin malibang dalhin siya ng Aking Ama. At ang lahat na ibinigay sa Akin ng Aking Ama, ay lalapit sila. Ang aking mga tupa, ang Aking mga kalapati, ay naririnig ang Aking Tinig. Sa iba'y hindi sila magsisisunog." At ano nga ba ang Tinig ng Diyos? Ang Salita ng Diyos. Ano nga ba ang tinig ng sinumang tao kundi ang kaniyang salita? Ito'y ang Salita ng Diyos; pakikinggan nila ang Salita ng Diyos.

56 Ang natural na binhi samakatuwid ay isang tagapagdala lamang, sa pamamagitan muna ni Ismael, pangalawa si Isaac, pagkatapos pababa doon sa Binhi. Katulad lamang sa tangkay, bulaklak, at ipa, ng mais. Ngayon, dito, ang tatlong baitang ng binhi ay nagpapakita ng tunay na larawan na nais kong pansinin ninyong kasama ko sa umagang ito. Makikita natin dito.

57 At bilang hindi edukado, kailangan kong kunin ang natural na mga bagay na aking nakikita, upang itipo sa espirituwal na mga bagay na ipinahayag sa akin, sapagkat hindi ko ito magawang makatuwiran sa inyo sa anumang gramatika.

58 At, papaano't paano man, palaging itinitipo ng Diyos ang espirituwal sa pamamagitan ng natural. Kung walang Biblia, malalaman ko pa rin na ang Cristiyanismo ay tama, sapagkat ang buong mundo ay umiinog sa kamatayan, paglibing, at pagkabuhay na muli. Ang kalikasan ang gumawa ng kamatayan, paglibing, at pagkabuhay na muli.

59 Tingnan ang dagta mula sa kahoy, kung paano dinala nito ang dahon, at ang bunga, sa taglagas; bumabalik sa lupa para sa malamig na tagginaw, sa ilalim ng lupa; muling tutubo sa tagsibol, na may bagong buhay. Bawat taon, napapatotoo na mayroong buhay, mayroong kamatayan, mayroong pagkabuhay na muli.

60 Ang araw ay sumisikat sa isang umaga, isang munting bata ang kasisilang, napakahina. Sa ikapito o oras na ikawalo, magsimula na itong pumasok sa paaralan. Sa ikasampo oras na ikalabing-isa, lumalabas na ito sa kolehiyo. Ito'y sumisikat sa kalakasan nito, mula mga ikalabing-isa hanggang mga ikatatlo, pagkatapos magsimula itong manghina. Sa gabi ito ay hihimlay, naging mahina, isang matandang lalaki. Iyon na ba ang wakas nito, mamamatay ito? Hindi. Muling babangon ito sa susunod na umaga. Kita n'yo?

61 Buong kalikasan, iyong totoong tunay na Biblia na nagpapatotoo sa Bibliang ito! At iyan ang sinisikap kong ipakikita sa inyo ngayon sa umagang ito, sa pamamagitan ng kalikasan iyong makikita ang Salita ng Diyos, nakaayos sa—sa Salita ng Diyos, sapagkat ang kalikasan ang kaanyuan ng Diyos.

62 Katulad ng siyensiya, kanilang natuklasan ang mechanics at ang mga batas ng kalikasan, datapuwa't hindi nila alam kung ano nga ang kalikasang iyon. Hindi nila alam ang Buhay ng kalikasan. Iyon ay Diyos. Kung kaya't, ang mechanics na walang dynamics ay walang halaga.

63 Ngayon, ang tangkay, bulaklak, at ang ipa, pansinin. Kumakatawan si Agar dito sa tangkay, na siyang unang buhay na nagsimula sa pangako. Kumakatawan si Sarah sa bulaklak, o ang pollen, na dumarating sa bulaklak. Si Maria, ang birhen, kumakatawan at nagbigay ng tunay na espirituwal na Binhi, upang maglabas ng totoong tunay na tangkay. Si Agar at si Sarah, kapuwa sa pamamagitan ng sekswal. Subalit si Maria, ang birhen, ay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng ipinangakong Salita ng Diyos, sa pamamagitan ng birheng kapanganakan. Inilabas niya ang tunay na Binhi. Ang tangkay, si Agar, ang pangalawang asawa, sa pamamagitan ng pag-alinlangan sa pangako, gumagawa sa pamamagitan ng pag-alinlangan, nang kaunti.

64 Sadyang umaasa ako, tulungan nawa tayo ng Diyos. Hindi ako. . . Nais kong makita ninyo ito, napaka sama. Hindi n'yo maaaring pag-alinlangan nang kaunti alinman Dito. Kailangang kunin n'yo Ito tulad ng kung ano Ito. Hindi Nito kailangan ang interpretasyon. Sinasabi iyan ng Biblia, "Ang Salita ng Diyos ay hindi sa pansariling pagpapaliwanag." Hindi nangangailangan ang Diyos sa alinmang mga paaralan natin upang ipaliwanag ang Kaniyang Salita. Kapag pagtitibayin Niya Ito at gawing buhay Ito, iyan ang kapaliwanagan Nito. Kapag sinabi ng Diyos, "Magkaroon ng liwanag," nagkaroon ng liwanag. Hindi na nangangailangan iyon ng pagpapaliwanag. Kapag sinabi Niya, "Isang birhen ang maglilihi," naglihi siya. Hindi na Ito kailangang ipapaliwanag.

65 Hindi na natin kailangan ang lahat ng ito, ang mga seminaryong ito at mga bagay-bagay na nagbunsod sa mga lalaki, "Buweno, taglay *namin* ang kapaliwanagan. Taglay *namin* ang kapaliwanagan.

66 Ang Diyos Mismo ang nagpapaliwanag ng Kaniyang Sariling Salita. Hindi Niya kailangan ang sinuman upang magpaliwanag para sa Kaniya. Ang sabi Niya, "Ito'y mangyayari," at mangyari ito. Ang sabi Niya, "Sa huling mga araw, ibubuhos Niya ang Kaniyang Espiritu," ginawa Niya ito. Hindi mahalaga sa akin kung ano ang sasabihin ng mga denominasyon. Ginawa Niya ito, paano't paano man, 'pagkat sinabi Niyang gawin Niya ito. Kung kaya't, hindi Nito kailangan ang kapaliwanagan, sapagkat ang Diyos ang gumagawa ng Kaniyang Sariling kapaliwanagan.

67 At ang mga bagay na ito na inyong nakikita, na tila mahiwaga pa sa inyo ngayon. Kung nais ninyo, naalaala ninyo; ang inyong ministeryo, kayong mga Pentecostal, pabalik doon

tatlumpo o apatnapung taon na ang nakalipas, ay sadyang labis na mahiwaga sa—sa iglesia ng Metodista at Baptist, tulad Nito sa inyo sa araw na ito. Subalit ngayon masusumpungan Ito sa Salita. Sinisikap kong ipakita sa inyo tulad ng pagsumukap ninyong ipakita sa kanila. At pagkatapos patutunayan Ito na gayon nga sa Salita, at paninindigan Ito na nga, iyan ang kapaliwanagan ng Diyos Mismo. Hindi n'yo kailangan na may sinumang magpapaliwanag para sa iyo.

68 Ngayon, si Agar, sa pamamagitan ng "bahagya"! Tandaan, hindi n'yo maaaring bawasan ng isa mang Salita mula Roon. At sinabi ni Jesus, sa mga Apocalipsis, sa pagwakas ng Aklat. At sa unahan ng Aklat, sinabi ni Cristo, "Sinumang tao na magbawas ng isang Piraso mula sa Salitang iyan!" Isang Salita lamang na mali ang paliwanag, ay sanhi ng bawat karamdaman, kamatayan, na taglay natin kailanman. Buweno, kung ang Diyos, na Siyang banal, tumingin sa ibaba; at ang sanhi ng lahat nang malaking kaguluhang ito sa pamamagitan ng bahagya lamang na maling pagpapaliwanag ng isang Salita, at anumang maliit na bagay na salungat sa kataas-taasang Salita ay naging sanhi nitong lahat malalaking kaguluhan; at ang paghihirap, duguan at pag-aagaw buhay ng Sarili Niyang Anak, upang pagbaliking loob itong kahindik-hindik na bagay pabalik sa Kaniya; paano tayo magkakaroon ng alinmang bagay liban sa pagtalima sa buong Salita?

69 "Buweno," sabihin mo, "Kapatid na Branham, iyan ay sa Genesis." Naramdaman ko iyan, kita mo.

70 Subalit hayaang sabihin ko sa iyo, mga Apocalipsis, iyan ang huling bahagi ng Aklat. "Sinong mag-aalis ng isang Salita mula sa Aklat ng hulang ito, o magdagdag ng isang salita Rito, ang kaniyang bahagi ay aalisin mula sa Aklat ng Buhay."

71 Ang sabi ni Jesus, sa kalagitnaan ng Aklat! Hayaan na naman ang inyong tatlong saksi: Ang Genesis, ang Bagong Tipan, at ngayon sa araw na ito. Ang sabi ni Jesus, "Hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos."

"Buweno, hindi Niya sinasadya iyon."

72 Nangungusap Siya sa mga tao na kung saa'y mga teologo, sa pinakamataas. Ang mga saserdoteng iyon, ang kanilang mga nuno—nuno—nuno—nuno—nuno—nuno sa tuhod ay naging mga saserdote. Ang ipagkamali isa mang Salita Nito, aba'y, isang tiyak na kaparusahang kamatayan iyon. Kailangang babatuhin sila, para sa isang nalaktawang Salita. Ngunit taglay nila ang maling kapaliwanagan Nito. Samakatuwid kapag ang Salita Mismo; kapag ipinangako ng Diyos na suguin ang Mesias, at ipadala Ito sa isang lampin na ipinangako Niya na darating Ito, mayroon silang kakaibang lampin para Dito upang pagbalutan.

73 Hayaang sabihin ko ito. Gayundin ito sa araw na ito, na hindi nila Ito makukuha! Ito'y hindi sa lampin ng denominasyonalismo o marurunong. Ito'y nasa lampin ng kapangyarihan at ng pagkabuhay na muli, at ang kapahayagan ng bumangong Cristo, sa paraang ipinangako ng Diyos Ito, at hindi sa lampin ng mga kaisipan ng mga tao tungkol Dito.

74 Ngayon, si Agar, sa pamamagitan ng munting bahagyang pagkakaiba, sa pamamagitan ng babae, ngayon hindi sa pamamagitan ni Abraham. Hindi iyon nais ni Abraham na gawin, datapuwa't pinayagan siya ng Diyos na gawin iyon sapagkat siya . . . Gayunding bagay, pinayagan Niyang pumunta si Balaam. Ngayon pansinin, sa pamamagitan ng bahagyang kaibahan Dito, iniluwal niya si Ismael, na isang taong marahas, hindi kailanman nalupig. Namumuhay siya sa pamamagitan ng kaniyang paa. Isa siyang mabangis na tao. Gayon pa rin siya, sa araw na ito.

75 Ngayon si Sarah, ang bulaklak, o pollen, si Sarah, ang tunay na asawa ng pangako, ay nagluwal ng isang mabait na lalaki, bilang sukli inilabas ang isang bansang ipinangako.

76 Ngayon, datapuwa't, si Maria, walang sekswal, kundi sa pamamagitan ng isang pangako, katulad lamang ni Abraham na tumanggap ng pangako mula sa Diyos, ang Salita ng Diyos, subalit sumampalataya sa pangako. "Narito ang alipin ng Panginoon," kita n'yo, nagdala hindi ng isang tangkay, kundi ng orihinal na Binhi, sapagkat Siya ang Salita na sinampalatayanan ni Abraham at na sinampalatayanan ni Maria.

77 Ngayon, si Maria ay hindi ang Binhi, ipa lamang siya na dinaluyan ng Binhi. Ang dalawang iba pa ay tagadala ng buhay, sa natural na binhi lamang. Hindi si Maria ang Binhi, sa kaniyang sarili; subalit tulad ng pananampalataya sa Salita ng Diyos, naghatid ng higit na tunay na larawan ng Salita, sapagkat Siya yaong Salita. Datapuwat katulad ng ipa, ang . . . ng isang trigo, isang butil ng trigo, hinahawakan ng ipa sa loob nito ang trigo at iniingatan ito hanggang sa kaya na nito o gumulang na upang pumaroon sa sarili nito. Kita n'yo? Kung gayon, itong Binhi Mismo ang nag-iwan sa kaniya. Katulad lamang, nasa sinapupunan niya ang Binhi, hindi siya yaong Binhi. Hindi siya ang gumawa ng Binhi. Ang Diyos ang Binhi.

78 Ngayon, ang dugo kung gayon, maraming mga taong nag-akalang iyon ay dugo ng Judio na siyang nagligtas sa atin. At ang ilan sa kanila ay nagsabi, "Buweno, may karapatan tayo bilang mga Gentil, dahil si Rahab na patutot at—at si Ruth na Moabita, at iba pa, mga Gentil sila." Wala kayong karapatan sa lahat ng iyan, ni isa. Hindi Siya Judio ni Gentil.

79 Siya ay Diyos, ang Logos, ang Salita na lumalabas mula sa Diyos. Nang, nagsimula Siyang maglimlim sa lupa, at naglabas

ng buhay sa tubig. Nang ang Espiritu ng Diyos, ang Logos, ang Salita, na sinabi ng Diyos, "Magkaroon," at doon lumabas ang Logos, na siyang Salita. At ang Salita ay nagsimulang . . . 'pagkat ang lahat ng ito ay nasa Logos; ang buong Salita ng Diyos, ang buong Biblia, para sa bawat kapanahunan. At habang ang Logos ay nag-umpisang huminga sa ibabaw ng lupa, dumating ang buhay sa tubig; at pataas, ang buhay ng ibon, patuloy pataas sa buhay sa hayop. At sa katapus-tapusan ay may dumarating na isang bagay na kumakatawan, o kamukha ng bagay na nagpapakulo nito, lumilimlim sa ibabaw nito, ang Diyos, isang tao sa totoong larawan ng Diyos.

80 Ang taong iyon ay nahulog, gaya ng binhi na kailangang mahulog. At pagkatapos nagsimula ang Diyos na limliman iyon, matapos ang pagkahulog. Hinatid Niya ang isang—isang Enoc, hinatid Niya ang isang Elias, hinatid Niya ang isang Moises, hinatid Niya ang sunod-sunod na propeta, upang sikaping maibalik ang larawang iyon. At, sa katapus-tapusan, sa ibabaw ng lupa dumating ang tunay na larawan muli ng Diyos Mismo, na siyang Diyos, ang Logos ay nagkatawang-tao at nanahan sa kalagitnaan natin.

81 Ngayon ang Logos ding iyon ay may bahagi, mayroon Siyang Nobya, at ang Logos ding iyon, itong Salita na hindi na mapakialaman pa, ay naglilimlim sa ibabaw ng mga iglesia sa araw na ito, sinisikap na maipanumbalik ang Salita sa ganap Nitong kapahayagan. Na, ang—ang mga propeta ay tagapagdala ng Binhing iyon, at ang makadenominasyong simbihan ay naging tagapagpadala ng Binhing iyon ngayon. Ngayon pansinin, ng madalian, ngunit gaya ng ipa na yumayakap, hinahawakan nito ang Binhi ngayon, pagkatapos ay iniiwan siya nito.

82 Si Jesus ay Diyos. Gayon Siya. Ang Kaniyang Ama ang dakilang Logos Mismo. At hindi Niya Ito maaaring ibuhos lahat kay Moises, dahil siya ay isang propeta.

83 At ang Salita ng Diyos sa tuwina, kailanman hindi nabibigo, dumarating sa propeta. Walang dako, walang panahon, sa Biblia, o pagkatapos ng Biblia, na ang tumpak na interpretasyon ng Salita ay dumarating sa isang teologo. Ito'y wala sa mga Kasulatan. Hindi kailanman nagawa ng mga Fariseo, hindi kailanman nagawa ng mga Saduceo, at hindi kailanman nagawa ng Diyos na magbangon ng isang propeta buhat sa alinman sa kanila, at hindi kailanman ginawa Niya sa mga huling araw na ito.

84 Sa tuwing ibangon nila ito, nagsasama-sama silang lahat at gawin ang isang organisasyon mula rito, doon ito namamatay. Subalit ito'y para sa isang layunin na ginawa Niya ito. Sisikapin nating ipaliwanag ito, tutulungan tayo ng Diyos. Pansinin,

tingnan dito kung gaano siya kalapit, ang iglesia, ang binhi ngayon, naging kamukha ng Mismong Binhi.

85 Ngayon inyong pansinin, nang naibaon ang binhi sa lupa, ito'y ang orihinal na binhi. Nang umusbong ito, inihatid nito ang isang buhay. Subalit ano nga ang ginagawa ng buhay mula sa isang butil ng trigo? Hindi nito ginagawa ang siya ring tangkay ng trigo mula roon, o siya ring butil ng trigo. Ito'y ag buhay ng trigo, datapuwat ito'y nasa yugto ng isang tagapagdala. At iyan noon ang unang repormasyon, nang dumating si Luther mula sa kadiliman ng malaking kaguluhan. Ito ay kailangang mamatay.

86 Kung kaya sa maraming pagkakataon, nagsimpatiya ang mga tao. Oh, at nabasa ko ang isang aklat hindi pa katagalan, tungkol sa, *Ang Tahimik na Diyos*, ibinigay nitong mga makabagong pilosopo na pinagsubukang ilihis kayo mula sa Diyos. Kung hindi mo alam ang Salita ng Diyos at ang panukala ng Diyos, maaari kang matinag. Subalit kung makikita mo ang plano ng Diyos, ang Kaniyang programa, kung gayon sa pamamagitan ng pananampalataya ay nalalaman mo na ito'y ang Diyos; at ipinakikilala ng Diyos ang Kaniyang Sarili, sadyang ginagawa kung ano ang ginawa Niya sa—sa ibang mga panahon, na lumalakad, na pinatotohanan.

87 Iyan ang dahilan na si Moises ay hindi matinag-tinag. Nangusap siya ng harapan sa Diyos, at sinabi ng Diyos sa kaniya, "Ako ang Iisang iyon na kasama noon ni Abraham doon. Ako ang Iisang iyon na gumawa ng pangakong ito. Ako'y sasaiyo." Paano mo ngayon pipigilan ang ganong lalaki pagkatapos?

88 Kagaya nang sinabi ng propeta noong una, "Kapag umuungol ang leon, sino nga ba ang hindi matatakot? At ang Diyos ay nagsalita, sinong hindi manghuhula?" Kapag makikita nating ang mga bagay na ipinangako ng Diyos sa oras na ito, makita itong bukas, paano kayong makapanatili nang inyong nakikita na iyon ang Kaniyang paraan? Anuman ang sabihin Niya, mangyayari ito. Nakikita n'yo ang lahat ng mahihiwagang mga bagay, ngunit sadyang ganoon iyon katumpak na sinabi ng Diyos na magaganap iyon.

89 Ngayon pansinin, "siya," ang tagapagdala. Ngayon, lumabas si Agar bilang isang tangkay, at pagkatapos dumating ang pollen, at pagkatapos dumating ang ipa, at pagkatapos ang Binhi. Ngayon pagmasdan ang mga tagapagdalang ito, nais kong masdan n'yo, una.

90 Ngayon, ang tangkay ay talagang hindi kahawig ng Binhi, subalit ang Buhay na taglay ng Binhi ay nasa tangkay. Iyon ay si Luther noon. Ngayon, ang munting tangkay ay may maraming dahon; umusbong ito wala kay Luther, kay Zwingli, at pababa kay Calvin at marami pang iba.

91 Ngayon pansinin, pagkatapos, nagbago ito ng posisyon nito. Masdan ang kalikasan ngayon na bumubuo tungo sa Salita ng

Diyos, tulad ng araw; kamatayan, paglibing, pagkabuhay na muli. Pagkatapos dumating ang pollen, iyon ay si Wesley noon. At sa pamamagitan niyon ay marami ng mumunting mga pollen na nakakapit doon, iyon ay mas halos kamukha na ng Binhi kaysa kung ano ang idinulot ng dahon, sa trigo o sa mais. Halos magkamukha na ito; sapagkat, si Wesley na taglay ang pangalawang Salita, pangalawang Salita ng Diyos, itinataas ang Kaniyang iglesia, dumating sa pamamagitan ng pagpaging banal. Iyon ang kaniyang mensahe. Mabuti.

92 Pagkatapos, makaraan ang panahon, nahulog iyon at muling bumalik sa tangkay, at umusbong ang puso ng mais. Datapuwat bago pa nagsimula ang puso na ito, mayroong isang yanig, ipa, nakabalot, talupak. At sinumang tagapagsaka ng trigo, tagapagsaka ng mais, kung iyong halukayin ito roon at kunin ang puso ng mais na iyon o puso ng trigong iyon, maiisip mo na yaong maliit—yaong maliit unang maliit na bagay ay yaong butil ng trigo. Subalit, ngayon, hayun ang kapanahunang Pentecostal. Ngayon hindi mo maaaring, kayo, sinumang teologo o . . .

93 Sinumang mananalaysay, pala, nakaalam na iyon ay mga kapanahunan, sa paraang dumarating sila. Kunin ang—ang Aklat ng Apocalipsis, kunin ang mga kapanahunan ng iglesia, at tingnan kung hindi ba ganiyan na ganiyan ang paraan na binuksan sila.

94 Ngayon, mula kay Wesley dumating ang Pilgrim Holiness, Nazarenes, at lahat ng mga mumunting iglesiang holiness, mas higit na malapit sa Salita kaysa kung ano ang Lutheran na repormasyon noon. Subalit, nakita n'yo, nang mag-organisa kay Lutherm, kasisimula pa lamang noon ng mga dahon. At ng umakyat ito, iniwan ng Espiritu ang lahat ng niyaong iglesiang Lutheran, lahat kundi ang makadenominasyon lamang, at ang totoong tunay na mga mananampalataya ay pumasok sa pagpapakabanal.

95 At pagkatapos nang umusad ang pagbabanal, ang Pilgrim Holiness, at iba pa, at lahat ng mga organisasyong holiness, Nazarenes, at iba pa, umusad Ito mula roon, doon mismo sa kapanahunang Pentecostal. At tingnan nang munting butil na iyan ngayon, ng trigo, isang milyong beses na higit na magkamukha ito sa orihinal na trigo, na naibaon sa lupa, kaysa kung ano ang ginawa ng pollen. Subalit kung kayo'y umupo, ilagay ito sa ilalim ng isang lente, at buksan yaong mumunting mga ipa, sila'y mga tagapagpadala rin lang. Hindi pa nagsimula ang butil. Ito'y isang napakaliit na buko doon sa likuran, sa pamamagitan ng isang malaki mataas na uring lente makikita mo ang munting dulo niyon, tulad sa tulis ng aspili, doon dumadaan ang binhi. At ito dito ay ipa na sadyang kahawig ng tunay na bagay, hindi ito ang tunay na bagay. Ito'y isang sinapupunan lamang.

96 Katulad ng sinapupunan ni Maria. Hindi si Maria ang Binhi, sa sagisag dito ng tangkay. Tanging tagapagdala lang siya Nito, tulad ng iba pa nito. Subalit bilang tinawag at unang pinili, sa pamamagitan ng Diyos Mismo, para sa ganitong layunin, mas kamukha ito kagaya ng inaakala ng ating mga kaibigang Catoliko, na siya ang ina ng Diyos. Hindi, hindi siya ang ina ng Diyos, ni hindi siya ang Binhi ng Diyos.

97 Ang babae ang gumagawa ng itlog. Ang Diyos ang gumagawa ng—ng buhay. Ang hemoglobin, ang dugo, ay nasa kasarian ng lalaki.

98 Maaaring mangitlog ang isang inahing manok o maaaring mangitlog ang isang ibon, gawin ang pugad nito sa panahon ng tagsibol, subalit, kung ang babaing ibon na iyon ay hindi nakasama ang lalaking ibon, hindi ito mapipisa. Ito'y patay. Ito'y mabubugok mismo sa pugad.

99 Kagaya ng madalas kong sabihin, iyang ang problema ng mga simbahan sa araw na ito, sila'y nabubugok mismo sa pugad, tinawag na Metodista, Baptist, mga Pentecostal, at iba pa. Kung sila'y hindi maiugnay sa Salita, Mismo, mabubugok sila mismo sa pugad, sa kanilang organisasyon.

100 Ngayon, ang ilan sa kanila ngayon ay nagsasabi nang gayon, humigit kumulang ang Protestante ay naniniwala na si Maria ang may gawa ng itlog. Kung gayon nga iyon, tingnan kung ano ang ginawa mo na gagawin ng Diyos na Jehovah. Hindi magagawa ang itlog ng walang sensayon.

101 Kaya, nakita n'yo, kapuwa ginawa ng Diyos ang itlog at binhi, nilikha Niyang kapuwa sa bahay-bata ni Maria. At ang Lalaking iyon ay walang iba kundi ang Diyos Mismo na nagkatawang tao at nanahan sa gitna natin, Emmanuel, hindi lamang isang mabuting lalaki, isang propeta; Siya ay isang mabuting Lalaki at Propeta; hindi isang guro, isang teologo. Oh, maaaring Siya—maaaring Siya ay naging lahat ng iyon; Siya ang lahat sa lahat. Subalit higit sa lahat ng iyan, Siya ang Diyos Mismo. Ang sabi ng Biblia, "Tayo ay nangaligtas sa Dugo ng Diyos." Ang Diyos Mismo, hindi ang pangatlong persona o pangalawang persona. Ang Persona, Ang Diyos Mismo, ang dakilang Jehova, nililiman si Maria; at ang Manlilikha, at nilikha kapuwa ang selula ng dugo, ang buhay, at gayundin ang itlog.

102 Kung makakakuha kayo ng isang Judio upang makita iyan, kayo, nalalaman niya kung sino ang Mesias. Nang ang John Ryan na iyon ay gumaling doon sa Benton Harbor, bulag sa loob ng apatnapung taon. Ang rabbi na iyon ay nagtanong sa akin, ang sabi niya, Nagkaroon ako ng interview kasama siya, ang sabi niya, "Hindi mo maaring hatiin ang Diyos sa tatlong piraso at ibigay siya sa isang Judio."

103 Ang sabi ko, "Ilan sa kanila ay gayon ang ginagawa. Subalit hindi namin hinahati ang Diyos sa tatlong piraso." Ang sabi ko, "Naniniwala ka ba sa mga propeta?"

"Tiyak, naniniwala ako sa mga propeta," ang sabi niya.

104 Ang sabi ko, "Sino ang sinasabi ni Isaias, sa Isaias 9:6, 'sa atin ay ipinanganak ang isang Bata'?"

Ang sabi niya, "Aba'y, ang Mesias iyon."

105 Ang sabi ko, "Ano ang maging kaugnayan ng Mesias sa Diyos?" Na gumawa nito. Ang sabi ko ngayon . . .

Ang sabi niya, "Magiging Diyos Siya."

106 Ang sabi ko, "Tumpak na tumpak. 'Tatawagin ang Kaniyang Pangalang Tagapayo, Pangulo ng Kapayapaan, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama.'"

107 Diyan kung saan iyon nalaktawan ng oneness, diyan kung saan iyon nalaktawan ng trinidad, magkabilang bahagi ng daan. Subalit ang kaayusang galak ay mismong sa gitna. Kung ang Diyos ay maaaring siya ring Kaniyang Sariling Ama, hindi Niya magawa iyon. At kung mayroon pa Siyang ibang Ama maliban sa Diyos, kung si Jesus ang siya ring Kaniyang Sariling Ama, at ang sabi ng Biblia ang "Banal na Espiritu" ang Kaniyang Ama, at kung sila'y dalawang magkaibang mga espiritu, Siya ay isang anak sa pagkakasala. Tama iyan. Sino ba ang Ama Niya, ang Diyos o ang Banal na Espiritu? Banggitin mo ang isa at masdan kung anong kahihiyan ang aabutin mo. Ang Diyos ang Kaniya Ama. Tama ba iyan? [Nagsabi ang kongregasyon, "Amen."—Pat.]

108 Mateo: 1:18, ang sabi Niya.

> *Ang pagkapanganak nga kay Jesucristo ay ganito: Nang . . . si Maria na kaniyang ina ay mag-aasawa kay Jose, bago sila magsama,* ay *nasumpungang siya'y nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo.*

109 Ngayon Sino ang Kaniyang Ama? Kita n'yo, nakita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Pansinin.

> *. . . si Jose na kaniyang asawa, palibhasa'y lalaking matuwid . . . at* ayaw *na ihayag sa madla ang kaniyang kapurihan, ay nagpasiyang hiwalayan siya ng lihim,* sa ganito.
>
> Narito, *samantalang pinag-iisip niya ito . . . ang isang anghel ng Panginoon ay napakita sa kaniya sa panaginip, na nagsasabi, Jose, anak ni David huwag kang mangamba sa pagtanggap sa iyo . . . kay Maria na iyong asawa: sapagkat ang kaniyang dinadalang-tao ay . . . "* [Nagsabi ang kongregasyon, *"Espiritu Santo."*— Pat.]

110 Akala ko ang sabi nila, "Ang Diyos Ama ang Kaniyang Ama"? Oh, mga teologo, nasaan ang inyong pang-unawa?

Pansinin, "Magliliwanag iyon sa panahon ng gabi!"

111 Ang tunay na Binhi ay lumabas mula kay Maria, subalit ito ay hindi niya Binhi. Ito ay pangako ng Diyos, na sinabi niya, "Narito ang alipin ng Panginoon." Ang kababaihan ang mga tagapagdala ng buhay. At ngayon, si Maria, ang higit na napakalapit ng Binhi.

112 Kailangang tanggapin iyon ni Agar sa isang maling paraan. Si Sarah, nag-aalinlangan sa bagay, iniluwal ito bilang isang natural na binhi, pagnanasang sekswal. Datapuwat si Maria, talagang walang anumang sekswal, sumasampalataya sa Salita, ang Salita ay nagkatawang tao.

113 Ngunit pansinin, si Maria bilang higit na mas malapit, taglay niya ang Binhi sa kaniyang bahay-bata, at para bang Binhi niya ito kung tingnan. At gayon nga ang mga Pentecostal. Ako'y pauuwi na. Subalit tandaan, ang sabi ni Jesus, sa Mateo ika-24 na kabanata, ika-24 na talata, "Sa huling panahon, ang dalawang espiritu . . . " Hindi sa mga unang araw, ngayon. "Sa mga huling panahon, ang dalawang espiritu ay magiging kapuwa magkahawig hanggang sa dadayain nito ang pinakahirang kung maaari lang" Ang espiritung Pentecostal, talagang katulad na katulad sa totoong bagay, lubos na ganap na dadayain nito ang pinakahirang kung ito'y maaari.

114 Ngayon, iyan ay hindi aking mga salita. Iyang ang Kaniyang sinabi. Ngayon, makaraan ang sandali, marahil ay inyong makukuha ang pang-unawa sa kung ano ang sinisikap kong sabihin. Ngayon ang Binhing iyon ay tiyak na mas hawig . . .

115 Ang ipang iyon ay mas kahawig ng Binhi, hanggang higit kays pollen, at higit kaysa kung ano tangkay, kundi mga tagapagdala lamang sila ng Binhi. Kita n'yo, naging organisasyon si Luther, namatay ang tangkay; naging organisasyon si Wesley, namatay ang pollen; naging organisasyon ang Pentecostal, namatay ang buhay. At ngayon lumalabas ang Binhi. Hindi ka maaaring umusad pa liban sa Binhi.

116 Pansinin, sa loob na maraming taon, kapag sumisikat ang isang malaking kilusan, kaagad-agad sa likod nito dumarating ang isang organisasyon. Mga tatlong taon habang kung kailan tumatagal ang revival, pagkatapos itatag nila ito, gagawa ng isang organisasyon. Marami ang kailangang mawawala rito; katulad ng marami ang nawala kay Luther, ang mga dahon; at marami ang nawala sa pollen si Wesley; at ang mga umuusbong na dahon ng Pentecostal, oneness, twoness, threeness, fourness, fiveness. Oh, kahahabagan! Kita n'yo?

117 Ngunit, pansinin, dalawampung taon na naipamalas si Jesus Cristo! Walang organisasyon na bumangon, at walang isa na darating; ito'y mamamatay tulad ng bawat kilusang latter rain, at lahat ng iba pa. Ito ang huling kapanahunan, ang Binhi,

at hindi nito magiging kasamang tagapagmana ang ipa, hindi hihigit kay Ismael na hindi kasamang tagapagmana ni Isaac.

118 Nakikita ngayon dito kung gaano siya kalapit, napakalapit upang makapandaya. Si Luther, ang tangkay; si Wesley, ang bulaklak; at si Maria, ang ipa, o ang sinapupunan, o ang Pentecostal. Gaano kong talakayin dito mismo ang ipang iyon, at ipakita sa inyo. Mula simula hanggang wakas na kapanahunan, ito'y hindi kailanman dumating na napakalapit hanggang maging hawig ito mismo ngayon. Lahat ay iglesia, ang *iglesia,* kita n'yo, ang "siya."

119 At pansinin, ito'y ang "siya," sa simula, na nag-aalinlangan sa orihinal na pangako. Hindi ang Diyos iyon na bumawi ng Kaniyang Salita. Hindi binabawi ng Diyos ang Kaniyang Salita sa araw ito; pinatotohanan Niya ang Kaniyang orihinal na Salita! Datapuwat ang sabi ni Sara, "Marahil, baka-sakali; tayo'y naghihintay."

120 Iyan kung ano ang problema ng mga tao sa araw na ito, kayo'y nagsusumikap na umakyat sa isang bagay na hindi n'yo alam kung ano ang inyong inaakyat. Paano n'yo ito gagawin maliban kung alam n'yo ang inyong ginagawa? Lumalakad ba kayong nakapiring? Nagsusumikap na akyatin ang isang bagay na hindi n'yo alam kung ano ang inyong ginagawa, babagsak kayo. "Kung ang bulag ay aakay sa bulag, kapuwa silang mahuhulog sa hukay," si Jesus ang may banggit niyan.

121 Subalit ngayon tayo'y tumatayo sa panahon ng Binhi. Ngayon ang Binhi ay hahawakan, (ano?) alalayan, makipagtulungan sa Binhi na hinahawakan Ito. Inilagay ito roon para sa gayong layunin, na hawakan Ito.

122 Sapagkat, gaya ng araw na sumisikat sa maagang tagsibol, sa trigo, masdan ang buong kalikasan sa pamamagitan ng paggulong ng kapanahunan, sa pamamagitan ng paggulong ng araw, lahat ay lubos na gumugulong ng ganap, sa pamamagitan ng Diyos. Ngayon kapag iyang mainit na araw ay magsimulang sumikat sa binhi, sisibol iyon. Subalit kailangang ang mundo ay nasa isang tiyak na posisyon upang magawang sumibol ng Binhing iyon. Kailangang dumating ito sa gayong paraan, at makakuha ng tiyak na posisyon upang ang binhi ay umusbong. Kailangan dumating nang ganyang paraan, upang bumangon ito mula sa . . . sa madilim na kapanahunan.

123 Ilang mga tao, ang kritikang ito na sinabi kong sumulat sa aklat, *Ang Tahimik na Diyos,* ang sabi niya, "Sa loob ng buong kapanahunan na madilim, ang mga abang martir na iyan na namatay, pumanaw sila, ang mga Cristohanong iyon, at ang Diyos ay nakaupo sa Langit na para bang wala man lang Siyang malasakit." Aba'y, ang di-aral, nabulagan, taong bulag sa espirituwal, kung dilat lamang ang kaniyang mga mata! Hindi

n'yo ba alam na kailangang mailatag ang binhi sa lupa, upang mamatay at upang mabulok, bago ito maaaring sumibol muli?

124 At namatay ang iglesia ng pentecostal, sa pamamagitan ng unang iglesiang Catolico. At kababalik lamang sa isang anyong tangkay, subalit nakita ninyo kung gaano kahawig ang kaniyang paghubog, bawat isa sa pamamagitan ng Lutheran, Wesley, kapanahunang Pentecostal? Nauunawaan ba ninyo? [Nagsabi ang kongregasyon ng, "Amen."—Pat.]

125 Ngayon kailangang babalik Ito mismo roon sa orihinal na ministeryong iyon na taglay Niya rito noon sa lupa, 'pagkat ito'y ang Nobya. Sila ay iisa. Ngayon Kaniyang ipinangako, sa huling mga araw, kung magaganap ang mga bagay na ito. At makikita nating magaganap ang mga iyon, gaya nang lahat ng mga pangako, Malakias 4, San Lucas 17:30. Oh, gaano pa karaming mga Kasulatan, ito'y maging walang katapusan!

126 At, oh, kailangan ko nang huminto, pagkat huli na. Siyanga. Mabuti, inyong—inyong sabihin sa kanila, tingnan kung makukuha sila . . . Tanungin n'yo sila, kita n'yo, at pagkatapos sabihin sa akin pagbalik n'yo. Ngayon, sandali na lang. Gusto kong kunin ito, nang maigi. Ako—gusto kong makita n'yo ito, nang maigi. Tingnan, si Jesus . . . Pansinin, kita n'yo, ang Nobya.

127 Datapuwat, napag-alaman natin, sa kapanahunang ito na ating pamumuhayan ngayon, kita n'yo, na ang sinapupunan, ang organisasyong Pentecostal, kamukhang-kamukha ng tunay ng bagay. Subalit napagtanto n'yo ba na, sa Apocalipsis 17, tinawag itong iglesiang Romano Catolico, ang unang organisasyon, isang "patutot"? Ilan ba ang nakakaalam na iyan ay totoo? Ilan ba ang nakakaalam na siya ang ina ng mga patutot? Ano ba ang babaing imoral? Ngayon, ang sabi Niya na ang babaing ito ay ang "iglesia." Ano ba ang patutot? Isang babae na taksil sa kaniyang tipan sa kasal. Ano ang isang anak na patutot? Gayundin, siya ring pangungusap.

128 Ngayon, nagsilang siya. Anong uri ng kapanganakan? Hindi sa Salita, kundi sa organisasyong kapanganakan. Heto ang Metodista, Baptist, at mga Pentecostal, at tinaglay nilang lahat ang pag-uugali ng kanilang ina. Sinumang masamang babae sa California ay makapagsisilang ng isang birheng batang babae; at iyan kung paano dumating ang unang mensahe, subalit nang ipinakilala ang katotohanan sa kapanahunang Luther, ng pagpapakabanal, hindi niya ito matanggap. Nang pinayagan ang bautismo ng Banal na Espiritu ipinakilala sa mga Metodista, hindi nila ito matanggap. At ngayon nang ang kapanahunan ng Binhi ay inihatid sa pentecostes, hindi niya Ito matanggap. Siya ay naging organisasyon. Subalit isa siyang tagapagdala ng Binhi noon, kita n'yo.

129 [Isang kapatid na lalaki ang nagsalita ng ibang wika. Blankong bahagi sa teyp—Pat.] Amen. Ngayon salamat sa Diyos para diyan, ang Salita, ang kasimplihan ng Salita na sinabi.

130 Kita n'yo, ito'y simple lang, tulad lamang dito, tulad lang sa pagmasid ng mais na tumutubo. Hindi mo na kailangang magkaroon ng ilang mahuhusay na makateolohiyang interpretasyon nito. Pagmasdan lang ito. Kayo'y. . . Siya'y nasa paligid n'yo mismo, sa lahat ng oras. Kita n'yo, ang. . . ito'y isang. . .

131 Kinailangan kong huminto. Nadama ko ang munting hatak, at hiniling kong gawin niya iyon. Kailangan na nating magtapos. Ngayon, kapatid, itong isa lang na masabi, pagkatapos ako'y aalis.

132 Tingnan, ngayon, ang ipa, ang tangkay, at iba pa, ay mga tagapagdala lamang ng Salita. May taglay silang bahagi ng Salita, kita n'yo, hanggang sa bumagsak sila; pagpaging-matuwid, pagpapakabanal, pagsasauli ng mga kaloob sa—sa mga Pentecostal. Subalit ngayon pansinin, sadyang kung paano si Ishmael, si Isaac, kita n'yo, at pagkatapos kay Jesus; kita n'yo, ang isa ay isang pagkakamali, ang isa ay sa orihinal, at heto dumarating ang Binhi Mismo. Kita n'yo? Ngayon, ang iglesia ay dumating sa gayunding bagay, bumalik mismo. Katulad ng isang bulaklak o anumang iba, umiinom ito, nahahatak, at nagpapatuloy. . .

133 Hindi iyang nangangahulugan na ang Lutheran ay ligaw. Ang Lutheran na tumanggi sa pagpapakabanal, maaaring gayon, na nagnanais na mang hawakan sa isang bagay. . . Kita n'yo, ang Israel ay kumain ng bagong mana bawat gabi, kita n'yo. Pansinin.

134 Subalit ngayon sa huling kapanahunan, tingnan itong ipa rito, ngayon pansinin, sa trigo. Ang ganap na hiwaga ng—ng Buhay ay nakaselyo roon sa loob ng ipang iyon. Nakita natin ito kay Luther, na umuusbong. Nakita natin ito sa bulaklak, lumalabas. Nakita natin ito sa tangkay. Dumating tayo sa banda rito at ngayon ito'y nasa anyong ipa, halos katulad sa kapanahunang pentecostal, datapuwat ang tunay na hiwaga ay nakatago sa loob.

135 Ngayon tandaan, ayon sa Apocalipsis, ang buong hiwaga ng Aklat ay naselyuhan sa pamamagitan ng Pitong Tatak, na hindi nagkaroon ng pagkakataon na dalhin ng mga repormador, ang apat na yugto ng pangreporma, ang apat na yugto ng apat na Hayop na lumabas upang salubungin ang apat na kapangyarihan ng mundo. Ang unang lumabas, ay isang. . .

136 Ano ang unang lumabas? Isang leon, upang salubungin ang kapanahunang Romano. Iyon ang Salita, ang orihinal. Siya ang Leon sa angkan ni Juda. Si Cristo Mismo ang lumabas upang salubungin ang kapanahunang iyon. Ano ang sumunod

na hayop na lumabas upang magsalubong; ang sunod na hayop na lumabas, upang salubungin ang isa pang mangangabayo, ano nga siya? Kita n'yo, yaong unang mangangabayo ay nakadamit ng maputi, pinutungan ang kaniyang ulo, bandang huli, at iba pa, may busog subalit walang mga palaso.

137 Pansinin ang pangalawang kabayo na lumalabas, ang Hayop na lumalabas upang salubungin siya ay isang baka. Ang baka ay isang hayop ng alay. Pumaroon sila sa kamatayan bilang isang master sa loob nang madilim na kapanahunan.

138 Ang pangatlong Hayop na lumabas upang salubungin ang sunod na kabayo, bago ang mangangabayo ng kamatayan, kamatayan at hades, ang sumusunod na kabayo na lumabas . . . Ang sumunod na Hayop na lumabas upang salubungin ang mangangabayo sa araw na iyon, ay ang Hayop na may mukha ng tao. Ilan ba sa inyo ang nakaalam niyan? Ang kapanahunang intelektuwal, ang mga repormador, si Luther, Wesley, Calvin, Knox, Kinnry, Moody. Kita n'yo?

139 Ngunit pagkatapos pansinin, ano ang lumabas sa panahon ng gabi? [Isang kapatid na lalaki ang nagsabi, "Agila!"—Pat.] Isang agila, bumalik muli ang panghuhula. Magliliwanag sa panahon ng agila, ang daan tungo sa Kaluwalhatian ay tiyak ninyong masusumpungan, O Iglesia ng Diyos na buhay!

140 Hangad ko na pumunta rito at—at umupo lamang ng isang umaga, at manatili sa buong maghapon, makikisama sa inyo tungkol sa mga bagay na ito. Makinig, inaakala n'yo ba na hindi ko kayo gusto? Mahal ko kayo, aking mga kapatid. Ako—ako—nais kong dumalo sa bawat organisasyon at maki . . . at—at magtiwala lamang sa bawat isa. Subalit, nakita n'yo, sadyang hindi maaari. Napakahirap ng isang pintuang magbukas sa akin.

141 Ako'y lumusot sa isang bansa mismo ngayon, dahil sa organisasyon, sapagkat ayaw nilang payagan ang ministeryo ng Diyos na . . . Sinagot ko sila ng isang liham, ang sabi ko, "Sa loob ng sampung taon sinikap kong pumasok. At kayo sa inyong hangal na bautismo!"

142 May isa sa kanila naniniwala, "Kailangan mong mabautismuhan ng tatlong beses; minsan para sa Ama, at minsan para sa Anak, at Banal na Espiritu; nang pataob." Ang sabi ng isa, "Hindi, kailangan mong mabautismuhan ng tatlong beses patihaya; minsan para sa Anak, minsan para sa Ama, at Banal na Espiritu." At sila'y kapuwa mali.

143 Ang sabi ng isa, "Siya, ika'y nabautismuhan sa Kaniyang kamatayan, at Siya ay yumuko nang mamatay Siya. Tayo'y binabautismuhan sa Kaniyang kamatayan." Ang isa pa ay nagsabi, "Sino ang naglilibing sa isang tao na nakataob? Inilibing mo siya, patihaya." Walang katuturan iyan,

nahihiwalay sa mga tao, ipinapakita nito ang paninibugho. Ito'y galing kay Satanas. Hindi ito sa Diyos.

144 Sa kalagitnaan ng bawat panig, wala ang Diyos ni alinmang panig, kundi tumatawag Siya mula sa bawat panig. "Lumabas sa kanila at humiwalay kayo," sabi ng Diyos, "at tatanggapin ko kayo sa Aking Sarili." Pagpalain kayo ng Diyos.

*Ang Binhi Ay Hindi Magiging*
*Tagapagmanang Kasama Ang Ipa* TAG65-0429B
(The Seed Shall Not Be Heir With The Shuck)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, unang ipinangaral sa wikang Ingles noong Huwebes ng umaga, Abril 29, 1965, sa Biltmore Hotel sa Los Angeles, California, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilathalang walang pagbabago sa wikang Ingles. Ang saling ito sa Tagalog ay nilimbag noong 2000 ng:

TAGALOG

©2000 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org